

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____
20

Mga sagot sa Pagbigay ng kategorya ng pangngalan

Panuto: Isulat sa patlang kung ang pangngalang may salungguhit ay ngalan ng *tao*, *bagay*, *hayop*, *pook*, o *pangyayari*.

- | | |
|-------------------|--|
| <u>hayop</u> | 1. Natakot ang <u>pusa</u> nang lumapit ang isang malaking aso. |
| <u>bagay</u> | 2. Sasakay tayo ng bus at <u>dyip</u> para makapunta sa bahay ni Lolo. |
| <u>tao</u> | 3. Tumawag ang <u>kaibigan</u> mo sa telepono kahapon. |
| <u>bagay</u> | 4. Ang bagong <u>sapatos</u> na ito ay regalo mula sa ninong ko. |
| <u>pangyayari</u> | 5. Maghahanda tayo para sa <u>kaarawan</u> ni Jaime bukas. |
| <u>pook</u> | 6. Pupunta si Nanay sa <u>bangko</u> mamamayang hapon. |
| <u>pangyayari</u> | 7. Dadalo ba kayo sa <u>kasal</u> nina Mike at Nadya sa Linggo? |
| <u>pook</u> | 8. Ibinalik ko na ang mga aklat na hiniram ko sa <u>silid-aklatan</u> . |
| <u>hayop</u> | 9. Nakita mo ba ang mga itlog ng <u>manok</u> sa ilalim ng bahay? |
| <u>tao</u> | 10. Si <u>Ginoong Garcia</u> ang magtuturo sa atin kung paano magpalaki ng iba't-ibang puno. |
| <u>tao</u> | 11. Nais maging isang magaling na <u>doktor</u> ang anak ni Ginang Lina. |
| <u>pook</u> | 12. Nakabili si Tatay ng murang gamot sa <u>botika</u> . |
| <u>bagay</u> | 13. Itapon natin ang mga balat ng kendi sa tamang <u>basurahan</u> . |
| <u>tao</u> | 14. Nakipaglaban si <u>Lapu-Lapu</u> sa mga tauhan ni Ferdinand Magellan. |
| <u>tao</u> | 15. Pupuntahan namin si <u>Tomas</u> sa ospital ngayong umaga. |
| <u>pangyayari</u> | 16. Sama-sama ang buong pamilya tuwing pagsapit ng <u>Pasko</u> . |
| <u>hayop</u> | 17. Makikita ang <u>tarsier</u> sa mga lalawigan ng Bohol, Samar, at Leyte. |
| <u>bagay</u> | 18. Maghanda tayo ng iba't-ibang <u>pagkain</u> sa darating na pagdiriwang. |
| <u>pook</u> | 19. Magbabakasyon sa <u>probinsiya</u> ang mga bisita ni Jessie. |
| <u>bagay</u> | 20. Napaiyak ang bata dahil sa narinig niyang malakas na kulog at <u>kidlat</u> . |

Para sa karagdagang puntos, maghanap ng isa pang pangngalan sa bawat pangungusap. Bilugan ang mga pangngalang na ito.

Ang mga sumusunod ay ang mga pangngalan na maaaring bilugan sa mga pangungusap sa itaas:

1. aso
2. bus, bahay, Lolo
3. telepono
4. regalo, ninong
5. Jaime, bukas (Ang salitang *bukas* ay pangngalan subalit sa pangungusap na ito, ginagamit ito bilang *pang-abay* o *adverb*.)
6. Nanay, hapon
7. Mike, Nadya, Linggo
8. aklat
9. itlog, bahay
10. puno
11. anak, Ginang Lina
12. gamot
13. balat, kendi
14. tauhan, Ferdinand Magellan
15. ospital, umaga
16. pamilya
17. lalawigan, Bohol, Samar, Leyte
18. pagdiriwang
19. bisita, Jessie
20. bata, kulog